





Ang Salig Bangsamoro ay ulat sa mga kumakalat na mga haka-haka at maling impormasyon patungkol sa COVID-19 sa Mindanao partikular sa BARMM. Ito ay hatid sa inyo ng Rooted in Trust project in Internews sa tulong ng USAID. Sa isyung ito, ating tatalakayin at sasagutin ang tatlong usap-usapan patungkol sa COVID-19 variants, bisa at kaligtasan ng bakuna para sa COVID-19, at ang mga nilalaman ng isang COVID-19 vaccine.



Ano ang mga nangingibabaw na haka-haka sa BARMM?

Ang mga haka-haka patungkol sa bakuna ay labis na tumaas netong Enero (144%). Nasa ika-apat ito sa listahan ng mga nakolekta magmula noong Setyembre, at bumubuo ng walong porsyento sa kabuuang bilang ng mga nakolektang haka-haka.

Karamihan sa mga naitalang haka-haka ay nagsasabing ang mga bakuna ay nakamamatay at may layuning magpababa ng populasyon. May ilang ding naniniwala na ang mga bakuna ay: 1) hindi ligtas para sa mga bata, 2) mayroon microchip, 3) hindi totoo, 4) nakakabaog, at 5) may halong baboy.



Datos ay hanggang Enero 26 at base sa nakolektang datos sa online and offline.


Habang tayoay naghihintay na mabakunahan labansa COVID-19, huwag nating kalimutang:



Maghugas ng kamay



Magsuot ng mask



Dumistansya ng hindi bababa sa 1 Metro



Umiwas sa mga matataong lugar

Para sa mga karagdagang impormasyon, tumutok lamang sa mga sumusunod:



SINDAW RANAW
The Coalition of Moro Youth Movement
FB: [CMYM Online News](#)



S'BANG KA MARAWI
FB live: Monday to Friday
6:30 – 7:30 PM



SALIG BANGSARADIO
[Soundcloud](#)
[Spotify](#)

This week's bulletin answers three rumors related to community concerns on the new COVID-19 variants, vaccine safety, and vaccine components.

SALIG BANGSAMORO
COMMUNITY BULLETIN | FEBRUARY 2021



ANO ANG SINASABI NG MGA TAO?

Haka haka 1

Ang bagong variant ng COVID-19 ay pinalaking isyu lamang.

“Ang bagong COVID strain sa Europa at Amerika ay mas nakakahawa pero hindi gaanong nakamamatay. Dito sa Cotabato City, yung mga nagkakaroon ng COVID ay parang wala naman nararamdaman. Iyong mga nagpopositive gamit ang RT-PCR ay nakaka-recover din naman. Madalas ay ginagamot na lamang naming ang mga sintomas ng sakit. Yung mga namatay dito sa COVID-19 ay mga pasyenteng mayroon nang malubhang karamdaman. Mamatay din naman sila, may COVID man o wala. COVID-19, pinalaki ka lamang na isyu ng mga taong gustong kumita ng pera pero sa totoo lang, hindi kami dapat matakot sayo.”

Rumor risk level: Medium

Platform: Facebook
Comments: 11

Reactions: 72
Shares: 43



SAGOT

Ang haka-hakang ito ay ipinost ng isang doktor mula sa Cotabato City na naniniwalang ang mga bagong variant ng COVID-19 ay pinalaking isyu lamang. Ang mga bagong variant na ito ay totoo, at importanteng maintindihan natin kung ano ito upang ating malaman ang mga hakbang na dapat sundin upang maiwasan. Nadiskubre ng mga siyentista ang mga bagong variant ng COVID sa iba't ibang parte ng mundo: United Kingdom variant (B.1.1.7), South Africa (501.V2), at Brazil (B.1.1.248). Ang mga bagong variant na ito ay mas mabilis na kumalat at maipasa sa iba't ibang tao. Wala pang sapat na ebidensyang makapagsasabing ito ay nakakapagdulot ng mas malalang sakit o mas nakamamatay. Patuloy na pinag-aaralan ang mga variant na ito upang mas maintindihan ang kanilang epekto.

Sa kasalukuyan, nakapagtalala ang Department of Health ng 17 kaso ng mga pasyenteng natamaan ng bagong UK variant sa bansa:

- Ang unang kaso ay isang residente mula sa Quezon City na mayroon travel history sa UAE noong Enero 7. Siya ay naka-recover na.
- 12 ay nahawa mula sa local transmission sa Bontoc, Mountain Province
- 2 ay OFW mula sa Lebanon
- 2 ay naitala sa La Trinidad, Benguet at Calamba City, Laguna

Sa kabilang banda, ang Sulu ay sumailalim sa 14-day total lockdown noong Enero 4 upang malimitahan ang pagpasok ng bagong variant na na-detect mula sa Sabah, Malaysia. Binawi na ang lockdown na ito noong Enero 18. Sa Cotabato City, isang asymptomatic na OFW ang na-expose sa UK COVID-19 variant noong Enero 26. Naiulat na ng Ministry of Health sa Bangsamoro na maigting ang pagmomonitor na isinasagawa sa OFW.

Ang pinakamabisng paraan pa rin upang maprotektahan natin ang ating mga sarili at ang ating pamilya ay ang paghahanap ng tamang impormasyon upang maiwasan ang pagpapanic. Kinakailangan ding maipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga minimum public health standards kagaya ng laging paghuhugas ng kamay, paggamit ng face mask, pag-distansya ng hindi bababa sa 1 metro, pag-iwas sa mga kulob na lugar, at ang pagtatakip ng bibig at ilong sa tuwing umuubo. Atin ding tandaan na iba't iba ang mga sintomas na maaring maramdaman ng isang COVID positive na pasyente. Maaaring makaranas ang ilan ng mild symptoms (ubo, lagnat, sipon, atbp.) habang ang iba ay maaaring walang maramdaman sa kabuuan ng sakit.

Maaari pa ring makahawa kahit na ang isang pasyente ay walang nararamdaman na siyang pwedeng maging dahilan upang mahawa ang mga matatanda na may mas mataas na tsansang magkaroon ng malubhang komplikasyon na dulot ng COVID-19.

WAG MAKAMPANTE. SUMUNOD PA RIN SA MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS.





ANO ANG SINASABI NG MGA TAO?

Haka haka 2 Ang bakuna para sa COVID-19 ay nakamamatay

"Itutuloy pa rin nila ang bakuna kahit pa namatay si Tiffany Dover. Meron akong link kung sino ang may gusto. Huwag kayong magpapabakuna kung ayaw niyong mamatay. Impostor na lang 'yung Tiffany at hindi na siya iyon." [may kasamang larawan ng magkamukhang babae na sinasabing si Dover]

Rumor risk level: High

Platform: Facebook
Comments: 2,200

Reactions: 825
Shares: 937

"Miserable na tayo. Hindi talaga ako magpapakabuna dahil nakamamatay." [may kasamang social media card ng isang lokal na media organization na Brigada News na nagsasabing: 23 katao ang namatay dahil sa bakuna at ito ay mga nursing home patients na namatay dahil sa Pfizer COVID-19 vaccines sa Norway at sila ay may mga matatanda't may mga sakit na]

Rumor risk level: High

Platform: Facebook
Comments: 50

Reactions: 172
Shares: 361



SAGOT

Ang bakuna ay hindi dinisenyo para makasakit ng tao. Tulad ng mga naiulat sa mga nakaraang SaligBangsamoro bulletins, ang bakuna ay masasabi na isang interbensiyong medikal na sulit at pinaka nakakasagip ng marami at binabawasan nito ang peligrong hatid ng sakit. Napatunayan na ang bakuna ay epektibo sa pagkontrol, pagsugpo at pagkawala ng mga nakamamatay na sakit sa ating kasaysayan. At tulad ng mga ilang gamot, ang mga side-effects ay karaniwan, banayad lamang at kadalasang gumagaling makalipas ang ilang araw. At ngayon na nagpapatuloy ang pagbabakuna sa iba't ibang parte ng mundo, may mga ulat na umiikot ngayon sa online na kinukwestyon ang kaligtasan nito katulad na lamang ng mga haka-hakang nabanggit sa taas.

Ang bidyo ni Tiffany Dover, isang nurse manager sa Amerika na nahimatay matapos mabakunahan gamit ang Pfizer-BioNTech's COVID-19 vaccine at nagagamit ngayon para pabulaanan ang kaligtasan ng bakuna. Sa isang pahayag sa US-based news channel, nilinaw ni Dover na siya ay may medikal na kondisyon at nahihimatay siya kapag nakakaramdam ng sakit. Ang US Center for Disease Control ay kinikilala na ang ganitong epekto matapos ang bakuna ay reaksyon sa proseso at hindi sa bakuna o laman ng bakuna.

May napabalita rin na 23 matatanda ang namatay sa Norway matapos sila makatanggap ng COVID-19 vaccine. Sinabi ng Norwegian Institute of Public Health na ang peligro ng pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga matatanda na may mga sakit ay maaaring mas mataas.

Heto ay dahil kahit banayad lamang ang side-effect, may mga negatibong at maaaring malalang epekto pa rin ito sa mahinang kalusugan nila.

Ang World Health Organization ay naglabas ng advisory sa kung sino ang mga bawal magbabakuna ng COVID-19 vaccines:

- May mga allergy sa laman ng bakuna
- Mga buntis
- Mga bata edad 16 pababa

Dapat nating tandaan na sa pagkakataong matanggap ang bakuna, maaaring makakaranas ka ng mga side-effects. Heto ang kadalasang side-effects ng Pfizer-BioNTech na maaaring maramdaman sa isa or dalawang araw:

Sa braso kung saan ka tinurukan:


Pananakit, Pamamaga, Pamumula

Sa buong pangangatawan:

Lagnat, Pagkapagod, Pananakit ng ulo

Binigyang-diin ng WHO na higit na mas malaki ang peligrong hatid ng mga sakit na maaari naman maiwasan sa pamamagitan ng bakuna kaysa sa mismong bakuna. Ang pagbabakuna ay hindi lamang para sa'yo at saiyong pamilya. Heto ay magsisilbing liwanag para sa buong mundo sa kabila ng dilim na hatid ng pandemya. Ang malusog na populasyon ay katumbas ng malusog na nasyon.

**LIGTAS ANG MAGPABAKUNA.
HINDI ITO DINISENYO PARA MAKASAKIT.**





ANO ANG SINASABI NG MGA TAO?

Haka haka 3 **Ang COVID-19 vaccine ay may halong has baboy**

"Papayag ba kayong magbakanuna laban sa COVID-19 kung may halo itong baboy? Meron itong pork gelatin components." [may kasamang article link: [UAE Islamic body issuing fatwa approving COVID-19 vaccine even with pork](#)].

Rumor risk level: Low

Platform: Facebook
Comments: 10

Reactions: 2
Shares: 7



Sagot

Ang ibang mga bakuna katulad ng para sa flu, tigdás, beke, rubella at chickenpox ay may kasamang gelatin na nakuha sa baboy. Heto ay nagsisilbing 'stabilizer' para mapreserba ang buhay na virus laban sa epekto ng temperatura at transportasyon. Dahil dito, marami sa mga Muslim communities ang nangangamba sa laman ng COVID-19 vaccines.

Ang Pfizer BioNTech, Oxford-Astrazeneca, at Moderna ay naglabas nang buong report na nagsasaad ng lahat ng laman o components ng kanilang bakuna.

At kinumpirma nang mga reports na ito na walang halong 'pork-derived gelatin stabilizers' ang mga kanilang mga bakuna. May mga karagdagang impormasyon pa ang maaaring ilabas ng mga kumpanyang mag-mamamufacture at magpapamahagi ng COVID-19 vaccines.

Ang mga Muslim leaders ay nagsabi rin na ang bakuna na may gelatin components ay hindi labag sa kanilang religious dietary laws, dahil ito ay dumaaan na sa purification process. Kadalasan sa mga bakunang ito at iniineksyon o inilalanghap sa halip na kinakain. Kaya ang bakuna ay pinapayagan sa ilalim ng religious laws, at mas may peligrong hatid kung hindi ito magagamit. Halimbawa nitong 2018, isang measles outbreak ang naganap sa Indonesia matapos magpasiya ang Indonesian Ulema Council na ang measles at rubella vaccines ay "haram" o pinagbabawal sa ilalim ng Islam dahil sa gelatin.

Tumaas ang bilang ng kaso ng measles sa bansa at ito ay pangatlo sa pinakamataas. Antabayanan natin ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga gabay, at sertipikasyon ng mga vaccine companies para masiguro na ang mga bakuna ay halal-certified.